# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 6*
# *Ako'y nagpapasalamat sa Dios para .... Yugto 2*

Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios sa ilang mga manggagawa, ministerio, at simbahan dahil sa tiyak na mga mabubuting bagay na kanilang nagawa sa Panginoon. Si Pablo ay hindi nagpasalamat sa Dios sa mga taong pinagmumulan ng kaguluhan, kapilyuhan at walang pagtatalaga. Sa halip ay sadya at tiyak, nagpapasalamat si Pablo ay sa Dios, para sa mga taong tunay na namumuha upang maglingkod sa Dios, at nagpapasalamat si Pablo sa Dios para sa mga simbahan at mga ministerio na naayon sa kalooban ng Dios, sa Salita ng Dios at sa tawag ng Dios. Upang maunawaan ang kinakailangan sa pagtawag ng Dios sa ating buhay patuloy nating pag aralan ang sinabi ni Pablo, Ako'y nagpapasalamat sa Dios para.... .' Na kanyang inulit sa iba't ibang sulat at sa iba't ibang mga pangyayari. Nauna na nating pinag aralan ang:

***1. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para kay Timoteo:***

***2. Si Pablo ay nagpapasalamat para kay Filemon:***

***3. Si Pablo ay nagpapasalamat para kay Titus:***

***4. Si Pablo ay nagpapasalamat para sa mga taga Tesalonica:***

Ngayon, pagaralan pa natin sa mensaheng ito na ang tanyag na kasabihang iyon ni Pablo at ipamuhay ito sa ating buhay upang mas malamang mabuti ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios.

***5. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa mga taga Roma:*** Mula sa mga sulat ni Pablo sa mga taga Roma mababalangkas mo ang higit ng mga kinakailangan upang matupad ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay.

***A. "8 Kaunaunahan, ay nagpapasalamat ako sa aking Dios sa pamamagitan ni Jesucristo tungkol sa inyong lahat, na ang inyong pananampalataya ay bantog sa buong sanglibutan." (Roma 1:8)*** Ang mga Romano ay mayroong isang mabuting uri ng pananampalataya na naiulat sa ibang pang dako sa mundo. Tiyak na gumagawa sila ng kamangha manghang bagay para sa Panginoon, na ang kanilang pananampalataya ay sinamahan ng mga gawa na iniulat sa buong mundo. Na nakagawa kay Pablo na magpasalamat sa Dios para sa kanilang buhay. Nais ng Dios sa atin at sa Kanyang simbahan na magkaroon ng isang kamangha manghang pananampalataya, na sinamahan ng mga gawa at pagsunod na mapapahanga ang iba doon, at ang patotoo ay madaling kakalat sa ibang mga lugar at hamunin ang iba upang sumunod at gawin ang katulad.

***B. "17 Datapuwa't salamat sa Dios, na, bagama't kayo'y naging mga alipin ng kasalanan, kayo'y naging mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo." (Roma 6:17)*** Dahil sa karagdagang dahilan kaya nagpasalamat si Pablo sa mga Romano kaya sinunod nila ang huwaran at pagtuturo at doktrina mula sa kanilang puso; sila'y hindi pinilit kundi kusang sumunod sa Salita ng Dios, sa huwaran ng buhay at sa turong inihatid sa kanila. At ang pagsunod na iyon ay nagdulot ng pagliligtas sa kanilang buhay. Dati silang naging alipin ng mga kasalanan at sila'y masuwayin, ngunit nang makarating sa kanila ang biyaya ng Dios, nagsimula silang sumunod at kusang mamuhay sa doktrina ng Dios na ibinigay sa kanila. Sa parehong paraan, tayo ay tinawag ngayon upang sumunod sa Salita ng Dios at mamuhay sa turo at ang doktrina ng Panginoon na may buong pagkukusa at mula sa puso at hindi pinipilit. Ang pagkukusa sa puso na sumunod ay magbibigay sa atin ng kagalakan at magbibigay sa atin ng kapayapaan sa ating buhay at higit na kasaganaan ng mga biyaya ng Dios sa ating buhay.

Ang iyong pangako na panatilihin ang huwaran ng mabuting turo at doktrina ay pagpapakita na nakakamit mo ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios.

Ngunit, walang mas nakakasama kundi ang pagbaluktot sa mabuting turo ng Panginoon dahil kapag ginawa mo iyan ay ipinamamahagi mo ang paghihimagsik sa mga tao sa paligid mo at niliiligaw mo ang iba at nalilito sila, at ang mga ito ay magdadala ng poot at hindi pagsang-ayon ng Dios sa iyo.

***6. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa mga taga Corinto: "4 Nagpapasalamat akong lagi sa aking Dios tungkol sa inyo, dahil sa biyaya ng Dios na ipinagkaloob sa inyo sa pamamagitan ni Cristo Jesus; 5 Na kayo ay pinayaman sa kanya, sa lahat ng mga bagay sa lahat ng pananalita at sa lahat ng kaalaman;" (1 Corinto 1:4-5)*** Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa mga taga Corinto dahil ang Dios ay mabuti sa kanila sapagkat binigyan Niya sila ng iba't ibang wika at kaalaman, at nakatanggap ng iba't ibang biyaya. Sinasabi ni Pablo sa kanila tumanggap kayo ng maraming biyaya mula sa Dios, kung gayon kailangan ninyo maging tapat sa Kanya. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa ibinigay ng Dios sa mga taga Corinto, ngunit nang sinulat niya ito sa kanila, ito ay isang uri ng isang pagsaway, pagpapangaral sa kanila na patuloy na maging totoo sa Dios at ibalik ang para sa Kanyang katapatan patungo sa kanila. Sa parehong paraan, tulad ng tinaggap natin ang higit mula sa Panginoon, kung gayon tayo ay tinawag na maging tapat sa kaniya at ibalik sa Dios kung anong ibinigay Niya sa atin at iyon ay kung paano ka tutugon at makamit ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios.

Ang katapatan ay higit na kinakailangan patungo sa Dios, patungo sa simbahan ng Dios, patungo sa mga kapatiran at patungo sa ating mga pamilya at sa mga lugar na pinagtatrabahuhan at tinitirahan natin. Sa pagtanggap natin mula sa Dios ng mabubuting bagay, kailangan

nating kumilos at gamitin ang lahat ng pagpapalang ito ng Dios para sa Kanyang kaluwalhatian, at kung paano natin matatamasa ang mga pagpapala ng Dios sa ating buhay, at ang ministeryo na ibinibigay Niya sa atin upang gawin.

***7. "11 Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban; 12 Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una kay Cristo: 13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, 14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian. 15 Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya sa Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pagibig na inyong ipinakita sa lahat ng mga banal, 16 Ay hindi ako tumitigil ng pagpapasalamat dahil sa inyo, na aking binabanggit kayo sa aking mga panalangin; 17 Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesucristo, ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag sa pagkakilala sa kaniya;" (1 Corinto 1:11-17)*** Nakita ni Pablo sa buhay ng mga taga Epeso ang mabuting plano ng Dios at kung paano ang Kanyang kalooban ay natupad sa kanilang buhay. Ang mga taga Epeso ay hinirang ng Dios at tinanggap at sinunod at lumakad sila sa tawag ng Dios. Si Pablo ay nagsalita at sinabi sa kanila, ***"Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, (Talata 13)*** kung gayon, tiyak na sila'y natatakan ng Banal na Espiritu sapagka't ang kanilang paniniwala ay naayon sa Salita at kalooban ng Dios, ***"na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban;" (Talata 11)***

Para sa ganitong kadahilanan, si Pablo ay hindi tumigil magbigay pasasalamat sa Dios, inaalala ang mga taga Epeso sa Kanyang pananalangin. Si Pablo ay nagbigay pasasalamat para sa tunay na mga mananampalataya na tinanggap ang ***"salita ng katotohanan"*** na ating mababasa sa talata 13, ***"ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban"*** gaya ng nabasa natin sa talata 11. Si Pablo ay nagpatuloy pa at nanalangin at patuloy na humihingi sa pananalangin. ***"Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesucristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag sa pagkakilala sa kaniya;" (Talata 17)*** Si Pablo ay nagalak na makita ang mga kasapi at ang simbahan ng Epeso na sumusulong upang gawin ang kalooban ng Dios at nakikita Niyang malinaw kung paanong ang kalooban ng Dios ay nakikita sa kanilang buhay. Kaya't maging sa kanyang sulat ay sinasabi niya sa kanila ang paraan na siya'y nanalangin para sa kanila.

Samakatuwid, ang Dios ay tinawag ka upang gawin at maging gayon din; gaya ng paniniwala mo, kung gayon kailangan mong sumangayon sa kalooban at layunin ng Dios para sa iyong buhay, at sa gayon ay kung paano mo makakamit ang mga kinakailangan para sa pagtawag ng Dios.

Tayo bilang isang simbahan kailangang magsikap na ang buong simbahan ay dapat na sumulong sa paggawa ng buong kalooban ng Dios, at magaganap ito kapag ang bawat isa sa atin ay naging tapat sa Dios sa pagkamit ng plano na mayroon Siya para sa bawat isa sa atin.

***8. Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa mga taga Colosas: "3 Nagpapasalamat kami sa Dios, na Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na kayo'y laging idinadalangin, 4 Nang nabalitaan namin ng inyong pananampalataya kay Cristo Jesus, at ang pagibig ninyo sa lahat ng mga banal," (Colosas 1:3-4)*** Si Pablo dito ay nagbigay ng pasasalamat sa Dios sa kanyang pananalangin para sa bayan ng mga taga Colosas dahil sa mga sumusunod:

***A. Ang kanilang pananampalataya at kilos kay Cristo Jesus: "Nang nabalitaan namin ng inyong pananampalataya kay Cristo Jesus."***
***B. Ang kanilang pagibig sa lahat ng mga banal: "At ang pagibig ninyo sa lahat ng mga banal."*** Dito ang Pagibig ng mga taga Colosas ay hindi sa lahat kundi sa ***"lahat ng mga banal."*** Ang mga banal ay ang mga namumuhay sa kabanalan at itinalaga na nila ang kanilang buhay sa pagsunod sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban.

Ang mga taga Colosas bilang isang simbahan ay hindi si Pablo ang nagtanim. Ito ay itinanim sa pamamagitan ni Epapras, na bumibisita kay Paul habang siya ay nasa bilangguan at ipinagbigay alam sa kanya ang tiyak na mga usapin sa simbahan na kailangang maituwid at maitama. Nabanggit ni Epapras kay Pablo ang pagibig ng mga taga Colosas para sa lahat ng mga banal. Higit pa doon, sinabi ni Pablo ang tungkol kay Epapras sa mga taga Colosas. ***"8 Na siya rin namang sa amin ay nagbalita ng inyong pagibig sa Espiritu." (Colosas 1:8)*** at nahikayat dito si Pablo, na kung ipapadala niya ang sulat sa kanila, tatanggapin nila siya at igagalang ang kanyang tagubilin dahil mahal nila ang mga banal na si Pablo ay isa sa kanila. Kaya si Pablo ay nagbigay pasasalamat sa Dios para sa mga taga Colosas na bukas sa pagtutuwid at sa karagadagan aral, sapagkat ipinakita nila ang kanilang pagibig sa kanya mula sa unang beses na narinig nila ang tungkol sa kanya. Ikaw ba ay isang tao o isang simbahan na bukas para sa pagtutuwid at pagwawasto? Kung ang sagot mo ay 'Oo' kung gayon ay nakakamit mo ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios at ako'y nagpasasalamat sa Dios dahil sa gayong mga kilos at saloobin ng Dios sa iyo.

***9. Si Pablo ay nagpapasalamat sa mga taga Filipos: "3 Ako'y nagpapasalamat sa aking Dios, sa tuwing kayo'y aking naaalaala, 4 Na parating sa bawa't daing ko, ay masayang nananaing ako na patungkol sa inyong lahat, 5 Dahil sa inyong pakikisama sa pagpapalaganap ng evangelio, mula nang unang araw hanggang ngayon;" ( Filipos 1:3-5)*** Si Pablo ay nagpapasalamat sa Dios para sa mga taga Filipos dahil sila'y kaisa niya mula sa unang araw na nakilala nila siya at narinig ang Mabuting Balita mula sa kanya. Ang gayong patuloy at pangmatagalang pangako at walang pag-aalinlangan o pagtalikod ay naghikayat at nagpasalamat si Pablo sa Dios. Ang iyong pagtitiyaga sa iyong pangmatagalang pangako at pakikipagtulungan sa Simbahan ng Dios na inilagay ka ng Dios dito ay nagpakita ng iyong kahandaan na makamit ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios at dahil dito nagpapasalamat ako sa Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ibuod natin ang ating tinalakay upang ikaw mismo ang makahanap ng mga katangian at iba't ibang aspeto na tinawag ka ng Dios upang makamit sa iyong buhay bilang tugon mo sa Kanyang pagtawag sa iyo.

Nais ng Dios sa atin at sa Kanyang simbahan na magkaroon ng isang kamangha manghang pananampalataya, na sinamahan ng mga gawa at pagsunod na mapapahanga ang iba doon, at ang patotoo ay madaling kakalat sa ibang mga lugar at hamunin ang iba upang sumunod at gawin ang katulad.

Tayo ay tinawag ngayon upang sumunod sa Salita ng Diyos at mabuhay sa turo at sa doktrina ng Panginoon na may buong pagkukusa at mula sa puso at hindi pinipilit. Ang pagkukusa sa puso upang sumunod ay magbibigay sa atin ng kagalakan at magbibigay sa atin ng kapayapaan sa ating buhay at higit na kasaganaan ng mga biyaya ng Dios sa ating buhay.

Ang ating pangako na panatilihin ang mabuting turo at doktrina ay ang pagpapakita na nakakamit mo ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios.

Dapat nating malaman na walang ibang makakasama kundi ang pagbaluktot sa maayos na turo ng Panginoon dahil kapag ginawa mo iyan ay ipinamamahagi mo ang paghihimagsik sa mga tao sa paligid mo at nililigaw mo ang iba at nalilito sila, at ang mga ito ay magdadala ng poot at hindi pagsang ayon ng Diyos sa iyo.

Ang katapatan ay kinakailangan. Tulad ng tinanggap natin ang higit mula sa Panginoon, kung gayon tayo ay tinawag na maging tapat sa kaniya at ibalik sa Dios ang kung anong ibinigay Niya sa atin at iyon ay kung paano ka tutugon at makamit ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios.

Ang katapatan ay higit na kinakailangan patungo sa Dios, patungo sa simbahan ng Dios, patungo sa mga kapatiran at patungo sa ating mga pamilya at iba pang lugar na pinagtatrabahuhan at tinitirahan natin. Sa pagtanggap natin mula sa Dios ng mabubuting bagay, kailangan nating kumilos at gamitin ang lahat ng pagpapalang ito ng Dios para sa Kanyang kaluwalhatian, at kung paano natin matatamasa ang mga pagpapala ng Dios sa ating buhay, at ang ministeryo na ibinibigay Niya sa atin upang gawin.

Samakatuwid, ang Dios ay tinawag ka upang gawin at maging gayon din; gaya ng paniniwala mo, kung gayon kailangan mong sumangayon sa kalooban at layunin ng Dios para sa iyong buhay, at sa gayon ay kung paano mo makakamit ang mga kinakailangan para sa pagtawag ng Dios.

Tayo bilang isang simbahan kailangang magsikap na ang buong simbahan ay dapat na sumulong sa paggawa ng buong kalooban ng Dios, at magaganap ito kapag ang bawat isa sa atin ay naging tapat sa Dios sa pagkamit ng plano na mayroon Siya para sa bawat isa sa atin.

Bilang isang simbahan o isang indibidwal na manggagawa kung ikaw ay bukas para sa pagtutuwid at pagwawasto, kung gayon nakakamit mo ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios at sa ganitong dahilan ako'y nagpasasalamat sa Dios dahil sa gayong mga kilos at saloobin ng Dios sa iyo.

Ang iyong pagtitiyaga sa iyong pangmatagalang pangako at pakikipagtulungan sa Simbahan ng Dios na inilagay ka ng Dios dito ay nagpakita ng iyong kahandaan na makamit ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios at dahil dito nagpapasalamat ako sa Dios.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Panginoon salamat sa malinaw mong Salita sa akin at sa mabuting halimbawa na aking natutunan mula sa Banal na Kasulatan tungkol sa mga taga Roma, sa mga taga Corinto, sa mga taga Epeso, sa mga Filipos at sa mga taga Colosas na simbahan sa kung paano ko matupad ang pagtawag mo sa aking buhay bilang isang manggagawa na inilagay mo ako sa iyong Simbahan.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang mabago ang aking buhay at paguugali at upang umayon sa huwaran ng Banal na Kasulatan na napagaralan ko sa mensaheng ito.*

*Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan ________________________.*

*Ating ihayag ang kasalanan ng walang katapatan, ang kasalanan ng pagkamakasarili, at ang kasalanan ng paggawa ng ating sariling kagustuhan.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili na maging pagpapala sa iba. Panginoon bigyan mo ako ng higit na pagibig at pananampalataya at taos pusong paglilingkod sa iyo, at puspusin ako ng Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang espirituwal na mga kaloob na aking kailangan para sa aking paglilingkod at ministerio sa iyo.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na nasa antas ng pag-asa na nais mong maging ako. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa mga alintunin ng paggawa at paglilingkod sa iyo sa pananampalataya at pagibig at sa paggawa na iyong inihanda para sa akin na gawin; aalalahanin at ipamuhay ang mabuting halimbawa ng aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon*

*ipinagkakatiwala ko aking sarili na maging bukas para sa pagtutuwid at para sa mga tagubilin. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay upang mahalin ang lahat ng mga banal na nagalak na isapamuhay ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon bigyan mo ako ng pagtitiyaga at protektahan ako habang ako'y desididong manindigan sa pagpapanatili at pagsasapamuhay ng mismong Salita ng Dios.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagtalaga ng kanilang buhay sa Salita ng Dios. Panginoon puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay mo sa kanila ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan nila upang sila'y makapaglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain sa paraan na nais mo na maganap. Panginoon tulungan mo sila na maging pagpapala sa iba at patnubayn sila sa pamumuhay ng pagiging mabuting halimbawa sa iba upang dalhin sila sa inyong Kaharian.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan upang makapagebanghelyo at upang ipalaganap ang iyong Salita at abutin ang iba ng Mabuting Balita ni Jesus at idisipulo sila. Panginoon tulungan kami upang makapagtanim ng maraming pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang iyong lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang hindi madama ang sakit. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Dios at ng pakikipagpisan ng Banal n Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.